

# Aplikasyon ng Indibidwal para sa Group Insurance (Talatanungan Pangkalusugan)

Sun Life GREPA  
Financial

Sa Pilipinas, ang group insurance product na ito ang inihanda ng Sun Life Grepa Financial Inc., ang joint venture ng Sun Life at Yuchengco Group of Companies.

Sa aplikasyong ito, "ikaw" at "iyong" ay tumutukoy sa aplikante ng insurance na ang kanyang impormasyon ay aming iproproseso or ilalahad. "Kami", "atin/ng", "amin/ng" at "ang Kumpanya" ay tumutukoy sa Sun Life Grepa Financial Inc.

Mag sulat ng malinaw. Gumamit ng BLACK ink. Lagyan ng "N/A" kung ang tanong ay hindi naaangkop.

## 1 Pansariling Impormasyon

Apeyido		<input type="checkbox"/> Lalaki <input type="checkbox"/> Babae	<input type="checkbox"/> Ginoo <input type="checkbox"/> Ginang	<input type="checkbox"/> Binibini <input type="checkbox"/> Iba pa, pakitukoy _____
Unang Pangalan		<input type="checkbox"/> Walang Asawa <input type="checkbox"/> Kasal	<input type="checkbox"/> Balo	<input type="checkbox"/> Legal na Hiwalay sa Asawa
Gitnang Pangalan		Araw ng Kapanganakan (araw/buwan/taon)		
Kasalukuyang Tirahan <small>Número., Kalye, Subdibisyon, Barangay (Hindi maaari ang P.O. Box)</small>		Lungsod/Munisipalidad	Probinsya	Bansa
Numero ng Telepono sa Bahay <small>(country code, area code, PTE no. &amp; tel. no.)</small>		Numero ng Telepono sa Opisina/Trabaho <small>(country code, area code, PTE no. &amp; tel. no.)</small>	Mobile Phone No. <small>(country code &amp; mobile no.)</small>	E-mail Address
				Zip Code

## Benepisyaryo

Buong Pangalan (Apeyido, Unang Pangalan, Gitnang Pangalan)	Araw ng Kapanganakan (araw/buwan/taon)	Relasyon sa Miyembro
<input type="text"/>		

Paalala: Revocable ang iyong benepisyaryo maliban kung sila ay italagang Irrevocable sa aplikasyong ito.

## 2 Talatanungan Pangkalusugan

Ang mga sumusunod na katanungan ay dapat sagutin ng aplikante para sa life insurance. Kung mayroong kasagutan na "OO" sa alin mang katanungan, maaaring ilahad ang detalye sa ibaba.

- Sa loob ng nakaraang dalawang (2) taon, mayroon ka ba ng aplikasyon para sa life insurance na hindi inaprubahan o ipinagpaliban ang pag-apruba o isinawalang bisa o inaprubahan ngunit hindi ayon sa iyong orihinal na aplikasyon?  OO  HINDI
- Ikaw ba ay nagkaroon ng sintomas o kumunsulta sa doktor o nasabihan na mayroon ka o tumanggap ng lunas o gamot para sa alta presyon (high blood), stroke, sakit sa puso, diabetes (mataas ang asukal sa dugo), kanser o tumor (bukol), paninikip ng dibdib, pagdumi ng dugo, o pagdumi o ihi na may kahalong dugo, dumura ng dugo?  OO  HINDI
- Sa loob ng nakaraang limang (5) taon, ikaw ba ay naospital o pinayuhang maospital bilang pasyente sa isang pagamutan o klinika o kumunsulta sa klinika MALIBAN SA pagbubuntis, panganganak, check up, bato sa apdo, trangaso, pagtatae, ubo, sipon, sore throat pulmonya o ano mang sakit sa lalamunan o baga, hepatitis A, operasyon ng appendix, tonsil, almoranas, apdo o luslos?  OO  HINDI
- Ikaw ba ay nagkaroon ng karamdaman na hindi ikinunsulta sa doktor o hindi nilapatan ng lunas ng doktor? Halimbawa, lagnat na walang tigil, hindi maipaliwanag na pamamayat, pagkawala ng ganang kumain, pananakit ng katawan, pamamaga, bukol o cyst sa alin mang bahagi ng katawan?  OO  HINDI

Ibigay ang buong detalye sa lahat ng mga may kasagutan na "OO" sa ibaba:

Pangalan at Address ng Doktor	Petsa (araw/buwan/taon) at Sanhi ng Pagkonsulta	Payong Medikal o Inilapat na Lunas
<input type="text"/>	<input type="text"/>	<input type="text"/>

## 3 Mga Lagda

Sa iyong paglagda, iyong kinikilala/sinasang-ayunan na:

- Sa abot ng iyong kaalaman at paniniwala, ang mga sagot sa deklarasyong ito at sa alin mang ibang dokumento na kaakibat nito ay kumpleto at pawang katotohanan.
- Ang iyong seguro ay magiging mabisa alinsunod sa mga tuntunin at kundisyon ng group policy na kung saan ang aplikasyon na ito ay ginawa sa kondisyon na ikaw ay Actively-At-Work o aktibong gumaganap ng normal na mga aktibidad sa pang-araw-araw sa isang buong-oras na batayan at hindi nawalan ng higit sa dalawang (2) magkakasunod na linggo na nagtatrabaho mula sa petsa ng iyong saklaw ng seguro ay may bisa at epektibo at ang premium na naaayon sa iyong saklaw ng seguro ay nabayaran.
- Ipoproseso ng Kumpanya ang mga impormasyon patungkol sa iyo at sa iyong mga benepisyaryo upang: a) suriin ang aplikasyon at maserbisuhan ang account; b) maproseso ang mga transakyon at maipatupad ang kontrata; c) mapabuti ang mga produkto at serbisyo (kasama ang mga sistema, proseso, data analytics, automated processing, etc.); d) maisakatuparan ang mga obligasyong legal, batas, at regulasyon (maging sa loob man o labas ng bansa); at e) pangasiwaan ang mga panganib at isakatuparan ang mga lehitimong interes, kasama ang pagpapatunay at pagkuha ng karagdagang impormasyon mula sa third party sources. Maaaring maibahagi ang iyong impormasyon sa mga kinatawan at third party service providers ng Kumpanya upang maproseso ang mga ito nang naaayon sa mga nasabing layunin, na may kaakibat na obligasyon na pangalagaan ang mga ito.
- Mananatili sa Kumpanya ang mga nasabing impormasyon habang may bisa ang kontrata. Kapag wala nang bisa ang kontrata, pananatilihin lamang ang mga impormasyong ito alinsunod sa batas at mga regulasyon. Nabasa at naunawaan mo, at sumasang-ayon ka sa mga pahayag at pahintulot na nakasaad sa itaas, kasama ang privacy policy ng Kumpanya na makikita sa <https://www.sunlifegrepa.com/LegalPrivacySecurity.aspx>
- Sa pagproseso ng Kumpanya ng iyong aplikasyon, sumasang-ayon ka na protektahan, ipagtaggol, at panatilihin walang pinsala ang Kumpanya, mga affiliates nito, pati na ang kani-kanilang mga direktor, opisyal, kawani, ahente, assignees, at abogado, laban sa lahat ng mga gastusin, pinsala, o danyos dulot ng pag-aangkin, aksyon, at paghahabla ng sinuman, kabilang na ang mga partidong kasali sa insurance policy.

Lagda ng Miyembro	Buong Pangalan ng Miyembro	
Lagda ng Saksi	Buong Pangalan ng Saksi	Pangalan ng Kumpanya
Lugar ng Paglagda	Petsa ng Paglagda (araw/buwan/taon)	

